

Bakuna para sa Recombinant Zoster (Shingles), RZV: Ano Ang Kailangan Mong Malaman


Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. www.immunize.org/vis
Maraming mga Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa ibang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang shingles (tinatawag rin na herpes zoster, o zoster) ay isang masakit na pantal sa balat, na kadalasan ay may mga paltos. Ang shingles ay dulot ng virus na varicella zoster, parehong virus na nagdudulot ng bulutong. Pagkatapos mong magkabalutong, mananatili ang virus sa iyong katawan at maaaring magdulot ng shingles kalaunan.

Hindi nakukuha ang shingles mula sa ibang tao. Gayunpaman, ang taong hindi kailanman nagkabalutong (o nabakunahan ng para sa bulutong) ay maaaring mahawa ng bulutong mula sa taong may shingles.

Ang shingles na pantal ay kadalasang lumilitaw sa isang bahagi ng mukha o katawan at gumagaling sa loob ng 2 hanggang 4 na linggo. Ang pangunahing sintomas nito ay kirot, na maaaring malubha. Ang ibang sintomas ay maaaring kabilangan ng lagnat, sakit ng ulo, panginig, at masakit na tiyan. Napaka-bihira lamang na hahantong ang impeksyon na shingles sa pneumonia, mga problema sa pandinig, pagkabalug, pamamaga ng utak (encephalitis), o pagkamatay.



Halos 1 tao sa 5, ang malubhang kirot ay maaaring magpatuloy kahit na matagal nang nawala ang pantal. Itong nagtatagal na kirot ay tinatawag na post-herpetic neuralgia (PHN).

Ang shingles ay higit na mas karaniwan sa mga tao na 50 taong gulang at mas matanda pa kaysa sa mga mas bata pa, at ang peligro ay mas mataas kung mas matanda. Mas karaniwan rin ito sa mga taong humina ang resistansya dahil sa sakit na tulad ng kanser, o sa pamamagitan ng mga gamot tulad ng steroids o chemotherapy.

Hindi bababa sa 1 milyon sa isang taon sa Estados Unidos ang taong nagkakasakit ng shingles.

2 Bakuna sa shingles (recombinant)

Ang recombinant na bakuna sa shingles ay inaprubahan ng FDA noong 2017 para sa paghadlang sa shingles. Sa mga klinikal na pagsubok, higit sa 90% ang pagka-epektibo nito sa paghadlang sa shingles. Nababawasan rin nito ang posibilidad ng PHN.

Dalawang dosis, 2 hanggang 6 na buwan ang agwat, ay inirerekomenda para sa **mga nasa hustong gulang na edad 50 at higit pa**.

Ang bakunang ito ay inirerekomenda rin sa mga taong nagkaroon na ng buhay na shingles na bakuna (Zostavax). Walang buhay na virus sa bakunang ito.

3 May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

Sabihin sa tagapagbigay ng bakuna mo kung ikaw ay:

- **Mayroong anumang malalang allergy na mapanganib sa buhay.** Kung nagkaroon ka ng mapanganib sa buhay na reaksiyon sa allergy matapos ang dosis ng recombinant na bakuna sa shingles, o may malalang allergy sa anumang sangkap ng bakunang ito, maaaring payuhan kang huwag magpabakuna. Tanungin ang tagapagbigay mo ng pag-aalaga sa kalusugan kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa mga sangkap ng bakuna.
- **Kung ikaw ay buntis o nagpapasuso.** Walang masyadong impormasyon tungkol sa paggamit ng recombinant na bakuna ng shingles sa mga buntis o nagpapasusong babae. Maaaring irekomenda ng tagapagbigay mo ng pangangalaga sa kalusugan ang pag-antala sa pagbabakuna.
- **Kung hindi maganda ang pakiramdam mo.** Kung may banayad kang sakit, tulad ng sipon, malamang ay maaari kang magpabakuna ngayon. Kung ikaw ay may katamtaman o matinding sakit, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Mapapayuhan ka ng doktor mo.

4**Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna**

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga reaksiyon.

Pagkatapos ng recombinant na bakuna sa shingles, maaaring maranasan ng tao ang:

- Kiro, pamumula, pananakit, o pamamaga sa bahaging pinag-iniksiyon
- Sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, lagnat, panginig, pagkapagod

Sa mga klinikal na pagsubok, karamihan sa mga tao ay nakakaranas ng kirot sa braso na may banayad o katamtamang kirot pagkatapos ng pagbabakuna, at ang ilan din ay nagkakaroon ng pamumula o pamamaga sa bahaging tinurukan. Ang ilang tao ay nakaranas ng pagkapagod, pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo, panginig, lagnat, sakit sa tiyan, o pagkahilo. Halos 1 sa bawat 6 na tao na binakunahan ng recombinant zoster ay nakaranas ng mga di-kanais-nais na epekto na pumigil sa kanilang gumawa ng mga regular na aktibidad. Ang mga sintomas ay kusang nawala sa loob ng 2 hanggang 3 araw. Ang mga di-kanais-nais na epekto ay mas karaniwan sa mga mas bata.

Dapat na kunin mo pa rin ang ikalawang dosis ng bakunang recombinant zoster kahit na mayroon kang isa sa mga reaksiyon na ito pagkatapos ng unang dosis.

Mga ibang bagay na maaaring mangyari pagkatapos ng bakunang ito:

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay at mga pinsalang dulot ng mga pagkatumba. Sabihin sa iyong provider kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay sumasakit ang balikat na maaaring mas malala at mas matagal kaysa sa karaniwang pananakit na maaaring mangyari kasunod ng mga iniksiyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/

5**Paano kung may isang malubhang problema?****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina. Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa iyong palagay ay isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makakahintay, tumawag sa 9-1-1 at pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna). Maaaring isumite ng doktor mo ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6**Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?**

- Tanungin ang tagabigay mo ng pangangalagang pangkalusugan. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit): **1-888-767-4687**
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Pumunta sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangal

Vaccine Information Statement Recombinant Zoster Vaccine

2/12/2018

Tagalog

Office use only



MDCH-1189T

AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.

Translation provided by the Immunization Action Coalition